Republika ng Pilipinas
BAYAN NG BULALACAO
Lalawigan ng Silangang Mindoro
-oOo-

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-27 NG PEBRERO, 1991 DITO SA BAHAY PAMAHALAAN

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Guillermo H. Salas | - Punong Bayan/taga pamahala ng Pulong |
| Kgg. Ludovico C. Silang | - Pangalawang Punong Bayan |
| Kgg. Rey T. Amparo | - Kagawad |
| Kgg. Miguel R. Villar Jr. | - Kagawad |
| Kgg. Emilio T. Gregorio | - Kagawad |
| Kgg. Nenito S. Ambong | - Kagawad |
| Kgg. Panganiban Mayot | - Kagawad |

HINDI NAKA DALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Trinidad F. Andres | - Kagawad/bakasyon sa U.S. |
| Kgg. Elmo M. Baculinao | - Kagawad |
| Kgg. Leodigario Gonzales | - Kagawad |
| Kgg. Meynardo S. Bago | - Kagawad |

X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - X

KAPASIYAHAN BLG 11

NA HUMIHILING SA INHENYERO NG KAGAWARAN NG PANG-DISTRITONG PAGAWAIN (DPWH) CALAPAN, SILANGANG MINDORO NA HUWAG PASALIHIN SA SUBASTA NG MGA PROYEKTO ANG STM CONSTRUCTION AT TM ABAD CONSTRUCTION, PARA SA BULALACAO SA SUMUSUNOD NA DAHILAN

SAPAGKAT, nagag-alaman ng Sangguniang Bayan na ang STM Construction at TM Abad Construction ay laging sumasali sa substang pang-inprastraktura ng mga proyektong para sa Bulalacao at sila ay nanalo;

SAPAGKAT, ang patakaran ng nabanggit na kontratista ay pinakonontrata uli nila ang mga proyektong kanilang pinanalunan sa ibang pribadong tao sa katauhan ni Gng. Elizabeth Tejada;

SAPAGKAT, sa ganitong patkaran, ang mga proyekto sa aming bayan ay hindi maayos ang implementasyon at masyadong huli sa nakakadang panahon;

DAHIL DITO, pinagpasiya ng Sangguniang Bayan na hihilingin sa Inhenyero ng Kagawaran ng Pang-Distritong Pagawain (DPWH), Calapan, Silangang Mindoro na huwag pasalihin ang STM Construction at TM Abad Construction sa subasta ng mga proyekto para sa Bulalacao sa mga dahilang nabanggit sa itaas at huwag hayaang ang ganitong gawi at patakaran ng mga kontratista ay magpapatuloy;

PINAGPASIYA pam na ang kapasiyahang ito ay ipadala sa Inhenyero ng Kagawaran ng Pang-Distritong Pagawain (DPWH) Calapan, Silangang Mindoro para sa kanyang kaalaman at konsiderasyon. . .

SA mungkahi ni Kagawad Nenito Ambong at piangalawahan ni Kagawad, Emilio Gregorio, ang kapasiyahang ito ay . . .

PINAGTIBAY NG LAHAT

Scanned with CamScanner

On motion of Councilor Rey T. Amparo, duly seconded by Councilor Panganiban Mayot, this resolution is. .

UNANIMOUSLY APPROVED

KGG. GUILLERMO H. SALAS
Punong Bayan
Taga pamahala ng Pulong

KGG. REY T. AMPARO
Kagawad

KGG. MIGUEL R. VILLAR, Jr.
Kagawad

KGG. EMILIO T. GREGORIO
Kagawad

KGG. NENITO S. AMBONG

KGG. PANGANIBAN MAYOT
Kagawad

KGG. LUDOVICO C. SILANG
Pangalawang Punong Bayan

EDUARDO A. BURUANGA
Kalihim ng Bayan

Scanned with CamScanner